

2018/2019

Aplikasyon ng Sambahayan para sa Mga Iskema ng Tulong Pinansiyal sa Mag-aaral



Student Finance Office
Working Family and Student Financial Assistance Agency

(Tagalog)

“Application Form ng Sambahayan para sa mga Iskema ng Tulong Pinansiyal sa Mag-aaral” ay isang application form na batay sa pamilya na nagpapadali sa mga pamilya na may (mga) anak na dumadalo sa primarya at sekondaryang (mga) paaralan o (mga) kindergarten / (mga) sentro ng pangangalaga sa bata upang mag-apply para sa tulong pinansiyal sa mag-aaral.

PAMANTAYAN NG PAGIGING KARAPAT-DAPAT

- (i) Ang mga aplikante ay dapat na pumasa sa pagsusulit ng kakayahan at maging magulang o tagapagbantay (tulad ng pagkilala sa ilalim ng Ordinansa ng Pag-iingat ng mga Menor de Edad, Kab 13) ng mga mag-aaral-aplikante. Kung hindi, ang mga aplikante ay dapat na ipaliwanag sa detalye na may patunay kung bakit maaaring hindi sumunod sa application form;
- (ii) Ang mga mag-aaral-aplikante ay dapat na walang asawa na mga Residente ng Hong Kong, may karapatan sa tahanan, karapatan na lumapag o permiso na may bisa upang manatili na walang anumang kondisyon ng pamamalagi (maliban sa limitasyon ng pamamalagi) sa Hong Kong. Mga mag-aaral na may hawak ng mga bisa ng bisita, papunta at pabalik na mga permiso sa paglabas, mga bisa ng mag-aaral o mga umaasa ng bisa ng mag-aaral / mga may hawak ng bisa ng bisita ay hindi karapat-dapat na mag-apply ng tulong pinansiyal sa mag-aaral;
- (iii) Para sa mga mag-aaral-aplikante na dumadalo ng Nursery, Mas Mababa at Mas Mataas na mga klase sa Kindergarten (K1 hanggang K3), dapat silang –
 - may hindi bababa ng 2 taon at 8 buwang gulang sa 31 Agosto 2018 (hal. ipinanganak noong o bago 31 Disyembre 2015); at
 - dumadalo ng Nursery, Mas Mababa at Mas Mataas na mga klase (K1 hanggang K3) sa mga kindergarten na nakarehistro sa Kawanihan ng Edukasyon (EDB). Ang kindergarten ay dapat hindi nagtutubong kindergarten, na nag-aalok ng lokal na kuri kulum sa ilalim ng Iskema sa Libreng May Kalidad na Edukasyon sa Kindergarten.
- (iv) Para sa mga mag-aaral-aplikante na dumadalo sa mga Sentro ng Pangangalaga sa Bata (grupo na may edad 0-2) at mga Sentro ng Pangangalaga sa Bata (grupo na may edad 2-3), dapat silang –
 - tumatanggap ng buong araw na mga serbisyo sa pangangalaga sa mga sentro ng pangangalaga sa bata (mga crèche na arawan, mga nursery na arawan o nararapat na mga grupo ng edad sa mga sentro ng pangangalaga sa bata na may kindergarten) na nakarehistro sa EDB/Kagawaran ng Kapakanang Panlipunan (SWD); at
 - pumasa sa pagsusulit ng kakayahan at ang pagsusulit ng “mga pangangailangang panlipunan” sa loob ng parehong yugto ng pagtatasa upang sila ay maging karapat-dapat para sa kapatawaran ng bayarin; at
- (v) Ang mga paaralan na dinadaluhan ng mga mag-aaral-aplikante ay dapat kabilang sa kategorya tulad ng itinakda sa sumusunod na mga iskema:

MGA ISKEMA NG TULONG PINANSIYAL

- Ang **Iskema ng Kapatawaran ng Bayarin sa Kindergarten at Sentro ng Pangangalaga sa Bata (KCFR)** ay nagbibigay sa mga pamilya na hikahos ng tulong pinansiyal sa anyo ng kapatawaran ng bayarin para sa kanilang mga anak na dumadalo sa Nursery, Mas Mababa at Mas Mataas na mga klase sa lokal na mga hindi nagtutubong mga kindergarten sa ilalim ng Iskema ng Libreng May Kalidad na Edukasyon sa Kindergarten at/o tumatanggap ng buong araw na mga serbisyo sa pangangalaga ng bata sa mga sentro ng pangangalaga sa bata.
- Ang **Kaloob para sa mga Gastusin na may kaugnayan sa Paaralan para sa mga Mag-aaral sa Kindergarten (Grant-KG)** ay nagbibigay ng karagdagang kaloob para sa mga hikahos na mag-aaral sa kindergarten na makapapasa sa pagsusulit ng kakayahan at nakatutugon sa parehong mga pamantayan ng pagiging karapat-dapat sa ilalim ng Iskemang KCFR upang bayaran ang mga gastusin na may kaugnayan sa paaralan na natamo ng edukasyon sa kindergarten ng mga mag-aaral sa ilalim ng polisiya sa bagong libre nato mo kalidad na edukasyon sa kindergarten.

- Ang **Iskema ng Tulong sa Teksbuk na Pampaaralan (TA)** ay nagbibigay ng tulong sa mga nangangailangang mag-aaral ng Primarya 1 hanggang Senyor na Sekondarya 3 / Sekondarya 6 sa pamahalaan, tinulungan, mga paaralan na may kaloob sa bawat caput o bilang ng mga mag-aaral at lokal na mga paaralan sa ilalim ng Iskema ng Direktang Subsidyo para sa pagsaklaw ng mga gastos ng esensiyal na mga teknbuk at sari-saring mga gastusin na may kaugnayan sa paaralan.
- Ang **Iskema ng Subsidyo sa Paglalakbay ng Mag-aaral (STS)** ay nagbibigay ng subsidyo sa paglalakbay sa mga nangangailangang mag-aaral na tumatanggap ng pormal na primarya o sekondaryang edukasyon o dumadalo sa isang buong panahon na kurso sa araw hanggang sa unang degring lebel sa isang katanggap-tanggap na institusyon, na naninirahan lampas ng 10 minuto na lakaran mula sa paaralan at naglalakbay sa paaralan sa pampublikong sasakyan.
- Ang **Iskema ng Subsidyo para sa mga Sinisingil sa Pag-akses ng Internet (SIA)** ay nagbibigay ng subsidyo sa mga nangangailangang pamilya na ang mga anak ay buong panahong mga mag-aaral na tumatanggap ng edukasyon sa primarya o sekondaryang lebel, o buong panahong mga mag-aaral na nagpupursige ng Diploma Yi Jin (DYJ) (kilala bilang Yi Jin Diploma (YJD) bago ang 2016) na mga programa o katapat na mga kurso ng Konseho ng Pagsasanay na Bokasyonal (VTC) upang tugunan ang mga sinisingil sa pag-akses ng Internet para sa e-pagkatuto sa tahanan para sa kanilang mga anak. Mga karapat-dapat na pamilya ay tatanggap ng pantay na halagang kaloob na pera sa batayan ng sambahayan, walang kinalaman sa bilang ng mga anak sa pamilya.

MGA PAMAMARAAN NG APLIKASYON

Kung nais ng mga pamilya na mag-apply para sa tulong pinansiyal sa mag-aaral para sa taong pampaaralan ng 2018/19, pakikumpleto ang application form (SFO 106B o SFO 7B) ayon sa mga Tala sa Paggabay hinggil sa Aplikasyon ng Sambahayan at ibalik ang nakumpletong application form kasama ang lahat ng kinakailangang sumusuportang mga dokumento sa SFO direkta sa koreo. Bawat pamilya ay dapat magsumite ng isang aplikasyon lamang. Maramihang mga aplikasyon mula sa parehong aplikante ay ipapawalang-saysay. Ang mga pamamaraan ng aplikasyon ay idinetalye sa ibaba –

(i) Mailalapat sa mga Aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal para sa mga Mag-aaral ng Primarya at Sekondarya

Panahon	Mga pamamaraan
Sa o bago ang katapusan ng Mayo 2018	Ang mga aplikante ay kinakailangang magsumite ng kumpletong application form kasama ang supplementary form (kung mailalapat) at mga kopya ng mga nararapat na sumusuportang dokumento sa SFO sa koreo, gamit ang may address na sobre na ibinigay.
Para sa mga aplikante na nagbayad gamit ang Tulong sa Teksbuk na Pampaaralan noong 2017/18	
Katapusan ng Hulyo / Agosto 2018	Kung ang mga aplikante na nagsusumite ng mga aplikasyon sa o bago ang 31 Mayo 2018 ay nakapagbigay ng lahat ng kinakailangang impormasyon na may sumusuportang dokumento, nakatutugon sa mga pamantayan ng pagiging karapat-dapat at pumasa sa pagsusulit ng kakayahan, ilalabas ng SFO ang probisyonal na Tulong sa Teksbuk na Pampaaralan sa pamamagitan ng awtomatikong pagbabayad sa karapat-dapat na mga aplikante at Subsidyo para sa mga Sinisingil sa Pag-akses ng Internet sa katapusan ng Hulyo / Agosto 2018.
Magsisimula mula Oktubre 2018	Para sa mga mag-aaral na nagbayad gamit ang probisyonal na TA, muling kakalkulahin at titiyakin ng SFO ang halaga ng mga subsidyo na karapat-dapat sa mga aplikante at ilalabas ng natitirang halaga ng subsidyo sa mga aplikante o bawiin ang labis na bayad mula sa mga aplikante, tulad ng at kapag ang mga antas ng kaloob sa teknbuk para sa bagong pampaaralang taon ay makukuha (mga Oktubre 2018) at ang impormasyong pampaaralan ng mag-aaral-aplikante ay naberipika sa batayan ng datos ng EDB na magsisimula mula Oktubre 2018.
Para sa mga aplikante na HINDI nagbayad gamit ang Tulong sa Teksbuk na Pampaaralan noong 2017/18	
Agosto 2018	Kung ang mga aplikante na nagsusumite ng mga aplikasyon sa o bago ang 31 Mayo 2018 ay nakapagbigay ng lahat ng kinakailangang impormasyon na may sumusuportang mga dokumento, mag-iisyu ang SFO ng abiso ng resulta, batay sa mag-aaral na Sertipiko ng Pagiging Karapat-dapat (EC) at ang "Mga Tala ng Paggabay sa Aplikasyon para sa mga Iskema ng Tulong Pinansiyal" sa mga karapat-dapat na mga aplikante simula Agosto.

Setyembre 2018	Ang mga aplikante na tumatanggap ng mga ECs ay dapat maingat na beripikahin ang personal na impormasyon at piling (mga) Iskema na inilathala nang maaga sa mga ECs. Ibalik dapat ng mga aplikante ang nakumpletong mga ECs sa paaralan kung saan dumadalo ang mga bata <u>sa loob ng isang linggo pagkatapos ng petsa ng pagsisimula ng paaralan o sa loob ng dalawang linggo mula sa petsa ng paglabas ng mga ECs (alinman ang mas huli) para sa pagpoproseso.</u> Patotohanan ng mga paaralan ang katayuan at pagdalo sa klase ng mga mag-aaral-aplikante at pagkatapos ipapasa ang mga ECs sa SFO.
Oktubre 2018 o lampas	Pagkatapos maberipika ang ibinalik na mga ECs, ilalabas ng SFO ang tulong pinansiyal <u>sa pamamagitan ng awtomatikong pagbabayad</u> sa mga mag-aaral na iyon na kumpirmadong karapat-dapat para sa kani-kanyang mga Iskema na kanilang inaplayan.

(ii) Mailalapat sa mga Aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal sa mga Mag-aaral ng Pre-primary

Panahon	Mga pamamaraan
Para sa mga aplikante na napaluwalan ng tulong pinansiyal para sa mga mag-aaral na pre-primary (hindi kasama ang mga mag-aaral na dadalo sa P1 sa taong pampaaralan ng 2018/19) noong 2017/18	
Sa o bago ang katapusan ng Hunyo 2018	Ang mga aplikante ay kinakailangan na isumite ang nakumpletong application form kasama ang Form sa Pagtatasa ng “mga Pangangailangang Panlipunan” (kung mailalapat) at mga kopya ng nararapat na sumusuportang mga dokumento sa SFO sa koreo, gamit ang sobre na may address na ibinigay.
Agosto 2018 o lampas	Kung ang mga aplikante na nagsusumite ng mga aplikasyon sa o bago ang 30 Hunyo 2018 ay nagbigay ng lahat ng kinakailangang impormasyon na may sumusuportang mga dokumento, mag-iisyu ang SFO ng “Abiso ng Resulta” kasama ang batay sa mag-aaral na Sertipiko sa Paaralan (SC) sa karapat-dapat na mga mag-aaral-aplikante na magsisimula mula Agosto. Ang mga naaayon na SCs ay mailalapat lamang sa mga mag-aaral-aplikante na lilipat sa ibang paaralan sa taong pampaaralan ng 2018/19, na ang klase at sesyon ay iba sa mga maagang nailathala o nag-aapply para sa tulong pinansiyal para sa mga mag-aaral na pre-primary sa unang pagkakataon. Sa gayong mga kaso, dapat isumite ng mga aplikante ang mga SCs sa dadaluhang paaralan sa 31 Agosto 2018 o sa loob ng dalawang linggo mula sa petsa ng pag-iisyu ng mga SCs (alinman ang mas huli) para sa pagpoproseso.
Para sa mga aplikante na HINDI napaluwalan ng tulong pinansiyal para sa mga mag-aaral na pre-primary noong 2017/18	
Katapusan ng Hulyo 2018	Mamahagi ang SFO ng “Application Form ng Sambahayan para sa mga Iskema ng Tulong Pinansiyal sa Mag-aaral” kasama ang mga SCs sa kinauukulang mga aplikante sa pamamagitan ng mga paaralan at tatanggap ng mga aplikasyon na magsisimula mula 1 Agosto 2018. Dapat ibalik ng mga aplikante ang nakumpletong application form sa SFO direkta sa koreo sa lalong madaling panahon hangga’t maari at isumite ang SC sa paaralan bago ang 31 Agosto 2018 para sa pagpoproseso.

Mga tala

- (i) Kung ang mga pamilya na kasalukuyang tumatanggap ng Komprehensibong Tulong sa Panlipunang Seguridad (CSSA) ay may mga anak na nag-aaral sa mga paaralang primarya at sekundarya o mga kindergarten at ibang mga lebel ng klase pababa, dapat silang mag-apply nang direkta sa SWD para sa tulong may kaugnayan sa paaralan para sa kapatawaran ng bayarin ng kanilang mga anak, mga bayarin sa pagsusulit, mga gastusin sa teksbuk at papel, mga pamasaha sa pagsakay, mga sinisingil sa pag-akses ng Internet sa tahanan, atbp. para sa taong pampaaralan ng 2018/19. Hindi nila kailangang magsumite ng mga aplikasyon sa SFO.
- (ii) Sa ilalim ng karaniwang mga kalagayan, (maliban sa tulong pinansiyal sa mga mag-aaral ng pre-primary), hindi tatanggapin ng SFO ang anumang “Aplikasyon ng Sambahayan para sa mga Iskema ng Tulong Pinansiyal sa Mag-aaral” na isinumite sa o pagkatapos ng 1 Marso 2019. Ang huling araw ng aplikasyon para sa mga iskema ng tulong pinansiyal sa indibidwal ay nakalista sa sumusunod na talahanayan –

Tulong Pinansiyal Iskema	Huling Araw ng Aplikasyon
Iskema ng Kapatawaran ng Bayarin sa Kindergarten at Sentro ng Pangangalaga sa Bata (KCFR)	Dapat magsumite ang mga aplikante ng kanilang application form sa SFO hindi mas huli kaysa 15 Agosto 2019. Ang epektibong buwan ng kapatawaran ng bayarin ay ang buwan kung saan isinumite ng mga aplikante ang mga application form, o ang buwan kung kailan tinanggap ang mga aplikante sa mga kindergarten / sentro ng pangangalaga sa bata, alinman ang mas huli.
Kaloob para sa mga Gastusin na may kaugnayan sa Paaralan para sa mga Mag-aaral sa Kindergarten (Grant-KG)	Dapat magsumite ang mga aplikante ng kanilang application form sa SFO hindi mas huli kaysa 15 Agosto 2019. Kung hindi, ang Grant-KG ay pangkalahatang hindi ipapaluwal kahit na nakatutugon sila sa mga pamantayan ng pagiging karapat-dapat.
Iskema ng Tulong sa Teksbuk na Pampaaralan (TA)	Ang mga aplikante ay dapat magsumite ng kanilang mga application form sa SFO sa o bago ang 31 Oktubre 2018. Kung hindi, ang Tulong sa Teksbuk na Pampaaralan ay pangkalahatang hindi ilalabas kahit kung mga aplikante ay makapasa sa pagsusulit ng kakayahan.
Iskema ng Subsido sa Paglalakbay ng Mag-aaral (STS)	Para sa mga aplikante na nagsumite ng kanilang mga application form sa o pagkatapos ng 1 Nobyembre 2018 at kayang pumasa sa pagsusulit ng kakayahan, ang pagbabayad ng Subsido sa Paglalakbay ng Mag-aaral (kung mailalapat) sa matagumpay na mga mag-aaral-aplikante ay maaaring isagawa mula sa petsa ng pagkakatanggap ng aplikasyon o petsa ng pagtanggap ng mga mag-aaral-aplikante sa paaralan (o ang petsa ng pagtatapos ng CSSA para sa mga mag-aaral na dating tumatanggap ng CSSA), depende sa mga kalagayan ng indibidwal na mga kaso.
Iskema ng Subsido para sa mga Sinisingil para sa Pag-akses ng Internet (SIA)	Para sa mga aplikante na nagsusumite ng kanilang mga application form sa petsa sa o pagkatapos ng 1 Pebrero 2019, bahagyang kabayaran ng SIA ay maaaring gawin sa mga matagumpay na aplikante sa kondisyon na kayang pumasa ng mga aplikante ang pagsusulit ng kakayahan.

- (iii) Kikilalanin ng SFO ang pagtanggap ng mga aplikasyon sa pamamagitan ng numero ng teleponong selpon ng mga aplikante o nang nakasulat (mailalapat sa mga aplikante na hindi kayang magbigay ng numero ng teleponong selpon) sa loob ng 20 araw na may trabaho pagkatapos matanggap ang mga aplikasyon. Kung hindi tumanggap ang mga aplikante ng anumang abiso mula sa SFO sa loob ng 40 araw ng trabaho pagkatapos ng pagsusumite ng kanilang application form, pakitawagan ang hotline ng pagtatanong ng SFO (2802 2345) upang tingnan kung ang kanilang aplikasyon ay tinanggap ng SFO upang iwasan ang pagkaantala dahil sa mali / hindi matagumpay na paghahatid.

ANG PAGSUSULIT NG KAKAYAHAN AT MGA LABEL NG TULONG

- (i) Gagamit ang SFO ng mekanismo ng "Inayon na Kita ng Pamilya" (AFI) bilang pagsusulit ng kakayahan upang matasa ang pagiging karapat-dapat ng isang pamilya para sa tulong pinansiyal ng mag-aaral at kanyang lebel ng tulong. Ang formula ay tulad ng sumusunod:

$$AFI = \frac{\text{Pangkalahatang taunang kita ng pamilya}}{\text{Bilang ng mga miyembro ng pamilya} + (1)}$$

- (ii) Kasama sa pangkalahatang taunang kita ng pamilya ang taunang kita ng aplikante at kanyang asawa; 30% ng taunang kita ng walang asawang anak / mga anak na naninirahan kasama ang pamilya kung mailalapat; at ang kontribusyon mula sa mga kamag-anak / kaibigan kung mailalapat.
- (iii) Ang mga miyembro ng isang pamilya ay karaniwang tumutukoy sa aplikante, kanyang asawa, walang asawang anak / mga anak na naninirahan kasama ang pamilya at (mga) umaasang magulang na sinusuportahan ng aplikante at kanyang asawa.
- (iv) Para sa mga pamilyang nag-iisa ang magulang na may 2 hanggang 3 miyembro, ang "dagdag na 1 na salik" sa tagahati sa AFI formula ay itataas sa 2.

(v) Ang markang pamantayan sa pagiging karapat-dapat ng AFI para sa sari-saring mga lebel ng tulong sa pampaaralang taon ng 2018/19 ay nakalista sa talahanayan sa ibaba. Mangyaring tandaan na ang AFI ay hindi ang pangkaraniwang buwanang kita ng isang pamilya.

Pampaaralang taon ng 2018 / 19 - Mga Grupo ng AFI (HK\$)	Lebel ng Tulong
0 – 39,182	Ganap / Ganap na Kapatawaran (100%) *
39,183 – 75,764 #	Kalahati / 1/2 na Kapatawaran (50%)
> 75,764	Hindi karapat-dapat (mga aplikasyon na hindi matagumpay)

* Ang mga hangganan ng AFI para sa ganap na lebel ng tulong para sa 3-miyembro at 4-miyembro na mga pamilya ay \$47,434 at \$43,640 na kani-kanya sa taong pampaaralan ng 2018/19. Para sa 2-miyembro na mga pamilyang nag-iisa ang magulang at 3-miyembro na mga pamilyang nag-iisa ang magulang, sila ay kani-kanyang itinuturing bilang 3-miyembro na mga pamilya at 4-miyembro na mga pamilya para sa pagtiyak ng mga hangganan ng AFI para sa ganap na lebel ng tulong at kalkulasyon ng AFI.

Para sa tulong pinansiyal para sa mga mag-aaral ng pre-primary, ang lebel ng tulong ay 3/4 kapatawaran (75%) kung ang AFI ng mga pamilya ay nasa pagitan ng \$39,183 at \$47,996; at ang lebel ng tulong ay kalahati ng kapatawaran (50%) kung ang AFI ay sa pagitan ng \$47,997 at \$75,764.

RESULTA NG APLIKASYON AT PAGLABAS NG SUBSIDYO

- Para sa tulong pinansiyal para sa mga mag-aaral ng primarya at sekundarya, mag-iisyu ang SFO ng abiso ng resulta sa mga aplikante simula Agosto 2018. Bukod dito, ilalabas ng SFO ang tulong pinansiyal sa pamamagitan ng awtomatikong pagbabayad sa mga karapat-dapat na aplikante. (Tala: Ang probisyonal na halaga ng TA at SIA ay karaniwang inilalabas sa mga karapat-dapat na aplikante na magsisimula mula katapusan ng Hulyo / Agosto habang ang STS ay karaniwang inilalabas mula Oktubre pasulong. Ang mga bagong aplikante ay karaniwang pinapaluwalan ng mga subsidyo sa o pagkatapos ng Oktubre.)
- Para sa tulong pinansiyal para sa mga mag-aaral ng pre-primary, ipapabatid ng SFO sa mga aplikante ng Iskema ng KCFR at ang mga kindergarten / sentro ng pangangalaga sa bata na kinauukulan ng resulta ng kanilang mga aplikasyon. Ang pinahintulatang halaga ng kapatawaran ng bayarin ay babayaran sa mga kindergarten / sentro ng pangangalaga sa bata na kinauukulan nang direkta ng Tesoreriya mga 10 araw ng trabaho pagkatapos mailabas ang abiso ng resulta na may halaga ng kapatawaran ng bayarin. Ang kabayaran sa mga aplikante ay pagkatapos isasaayos ng mga kindergarten / sentro ng pangangalaga sa bata. Kung ang mga aplikante na nagsusumite ng mga aplikasyon sa Hunyo 2018 ay nagbigay ng lahat ng kinakailangang impormasyon na may sumusuportang mga dokumento, mag-iisyu ang SFO ng “Abiso ng Resulta” sa mga karapat-dapat na aplikante na magsisimula mula Agosto 2018. (Tala: Magpapaluwal ang SFO ng kapatawaran ng bayarin sa mga matagumpay na aplikante sa pamamagitan ng mga paaralang kinauukulan at ang Kaloob para sa mga Gastusin na may kaugnayan sa Paaralan para sa mga Mag-aaral ng Kindergarten sa pamamagitan ng awtomatikong pagbabayad sa bank account ng mga karapat-dapat na aplikante ayon sa mga pangkat na magsisimula mula Setyembre 2018.)

PAGTATANONG

- Para sa mga pagtatanong na kaugnay sa mga iskema ng tulong pinansiyal at pamamaraan ng aplikasyon, mangyaring tawagan ang aming 24-oras na hotline ng pagtatanong sa 2802 2345. Kung ninanais ng mga aplikante na magtatanong tungkol sa mga usapin ng aplikasyon sa pamamagitan ng paggamit ng wika ng etnikong minoridad (kasama ang Urdu, Nepali, Punjabi, Hindi, Bahasa Indonesia, Thai at Tagalog) kapag tumatawag sa hotline, mangyaring piliin ang opsiyon ng “Ibang mga Wika” sa pamamagitan ng pagpindot ng ‘4’ pagkatapos na maikonekta ang linya ng telepono. Bilang kahalili, maaaring bumisita ang mga aplikante sa tahanan-pahina ng SFO (www.wfsfaa.gov.hk/sfo) para sa higit na impormasyon.
- Karagdagan pa, maaaring makipag-ugnayan ang mga aplikante sa Sentro para sa Katiwasayan at Pagpapabuti ng mga Residente na Etnikong Minoridad (CHEER) sa pamamagitan ng telepono kung kinakailangan ang mga serbisyo sa pagsasalina sa Ingles at ibang mga wika ng etnikong minoridad. Ang mga numero ng hotline ng CHEER ay nakalista sa ibaba –

Wika ng etnikong minoridad	Numero ng telepono
Bahasa Indonesia, Tagalog o Thai	3755 6811
Hindi o Nepali	3755 6822
Punjabi o Urdu	3755 6833

Maaari ring bisitahin ng mga aplikante ang tahanan-pahina ng CHEER (www.hkcs.org/gcb/cheer/cheer-e.html) para sa mga detalye ng mga serbisyo nito.